 Stanford HEALTH CARE	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakarang Pangkawanggawa: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 1 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	


I. LAYUNIN:

Layunin ng patakarang ito na ilarawan ang mga pamantayan sa kwalipikasyon at proseso ng aplikasyon para sa tulong pampinansyal para sa mga pasyenteng walang insurance o walang sapat na insurance, at mga pasyenteng nakakatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Stanford Health Care (SHC). Inilalarawan din ng patakarang ito ang mga uri ng tulong pampinansyal na maaaring magamit at kung paano sinisikap ng SHC na tiyaking maaaring makuha ng mga pasyente ang impormasyon tungkol sa mga programang ito.

II. PATAKARAN:


Nakatuon ang SHC sa pagbibigay ng tulong pampinansyal sa pamamagitan ng Pangangalagang Pangkawanggawa (na nakasaad din sa Patakarang ito bilang Tulong Pampinansyal) sa mga indibidwal na walang insurance o walang sapat na insurance na humihingi at tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa SHC ngunit hindi nakakatugon sa kanilang mga obligasyon sa pagbabayad sa SHC nang walang tulong. Naglalayon ang SHC na ibigay ang tulong na ito nang natutugunan ang mga indibidwal na sitwasyong pampinansyal ng pasyente, nang naisasagawa ang mga misyon na hindi para sa kita at misyon sa pagtuturo ng ospital, at nang natutugunan ang mga estratehiko, pagpapangasiwa at pinansyal na layunin.

- A. Hindi dapat tingnan ang Tulong Pampinansyal bilang pamalit sa personal na pananagutan. Inaasahang makibahagi ang mga pasyente sa mga kinakailangan sa Tulong Pampinansyal ng SHC, at mag-ambag sa halaga ng kanilang pangangalaga batay sa kanilang indibidwal na kakayahang magbayad.
- B. Ang nakasulat na Patakarang ito ay:
 - 1. Nagsasaad ng mga pamantayan sa kwalipikasyon para sa Tulong Pampinansyal
 - 2. Nagbibigay ng paraan para makita ang listahan ng mga provider na saklaw ng Patakarang ito, at mga provider na hindi saklaw nito.
 - 3. Naglalarawan sa batayan para sa pagkalkula ng mga siningil na halaga sa mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pampinansyal sa ilalim ng Patakarang ito.
 - 4. Naglalarawan sa paraan kung saan maaaring maghain ng kahilingan ang mga pasyente para sa tulong pampinansyal.
 - 5. Nagtatag ng pamamaraan para sa pagtukoy ng 'Mga Halagang Karaniwang Sinisingil' gaya ng iniaatas sa IRC 501(r)

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakarang Pangkawanggawa: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 2 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	


III. MGA KAHULUGAN:

- A. **Pangangalagang Pangkawanggawa:** Isang 100% na waiver ng pinansyal na obligasyon ng pasyente para sa mga serbisyong kinakailangan sa paggamot na ibinibigay ng SHC at kabilang sa priority listing (Tingnan ang Seksyon IV.D.). Ang mga pasyenteng walang insurance o walang sapat na insurance na may mga taunang kita ng pamilya na hindi tataas sa 400% ng Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan ay maaaring maging kwalipikado para sa pangangalagang may buong diskwento.
- B. **Panahon ng Pagtukoy sa Pagiging Kwalipikado:** Ang mga pasyenteng natukoy na kwalipikado ay dapat mabigyan ng Tulong Pampinansyal para sa tagal na labindalawang (12) buwan. Ilalapat din ang Tulong Pampinansyal sa mga kwalipikadong account na pasok sa mga natanggap na serbisyo bago ang petsa ng aplikasyon para sa Tulong Pampinansyal.
- C. **Mga pang-emergency na medikal na kundisyon:** Gaya ng inilarawan sa kahulugan ng seksyon 1867 ng Social Security Act (42 U.S.C. 1395dd), gagamutin ng SHC ang mga taong nasa labas ng nasasaklawan ng serbisyo ng SHC kung ito ay pang-emergency, agaran, o maaaring ikamatay na kundisyon.
- D. **Pamilya:** Para sa pasyenteng 18 taon o mas matanda, kabilang sa pamilya ang asawa ng pasyente, nakarehistong kinakasama, at mga dependent na anak na hindi lalampas sa 21 ang edad, nakatira man sa bahay o hindi. Para sa mga pasyenteng hindi lalampas sa 18 ang edad, kabilang sa pamilya ang magulang ng pasyente, mga kamag-anak na tagapangalaga at iba pang mga anak ng magulang o tagapangalaga na hindi lalampas sa 21 ang edad. Kung may dependent ang pasyente sa kanilang income tax return, ayon sa mga panuntunan ng Internal Revenue Service, maaaring kilalanin ang indibidwal bilang dependent para sa mga layunin ng pagtukoy sa pagiging kwalipikado sa tulong pampinansyal. Ang anuman at lahat ng pinagkukunan ng pamilya ay magkakasamang isinasaalang-alang upang tukuyin ang pagiging kwalipikado sa ilalim ng Patakarang ito.
- E. **Kita ng Pamilya:** Tinutukoy ang Kita ng Pamilya gamit ang pagpapakahulugan ng U.S. Census Bureau kapag tumutukoy ng pagiging kwalipikado batay sa Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan.
 1. Kabilang ang mga kita, kabayaran sa pagkawala ng trabaho, kabayaran dahil sa pagkakasakit ng manggagawa, Social Security, Supplemental Security Income, pampublikong tulong, mga bayad sa mga beterano, mga benepisyo ng mga naiwan ng

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakaran: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 3 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	


namatay, mga bayad sa may kapansanan, pension o kita sa retirement, interes, mga dividend, mga renta, mga royalty, kita mula sa mga estado at trust, tulong sa pagpapaaral, sustento sa dating asawa, sustento sa anak, tulong pampinansyal mula sa ibang tao, at iba pang pinagkukunan;

2. Ang mga benepisyong hindi pera (hal. Medicare, Medicaid at Golden State Advantage card, mga benepisyo sa EBT, tulong sa pagbabayad ng kuryente o gas, mga pagkain sa paaralan, tulong sa pabahay, tulong na nakabatay sa pangangailangan mula sa mga non-profit organization, mga bayad sa pangangalaga sa ampon, o tulong para sa pagbangon ng mga nasalanta ng unos) ay hindi kinikilala bilang kita para sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa tulong pampinansyal;
 3. Mga nalikom na kapital o pagkalugi na Natutukoy batay sa halaga bago ipataw ang buwis; at
 4. Kabilang sa kita ng pamilya ng isang tao ang kita ng lahat ng matatandang miyembro ng pamilya. Para sa mga pasyenteng mas bata sa 18 taong gulang, kabilang sa kita ng pamilya ang kita ng mga magulang at/o ng madrasta at amain, mga hindi kasal o kinakasama, o mga kamag-anak ng tagapangalaga.
- F. **Mga Pampederal na Pamantayan sa Kahirapan:** Binabago taun-taon ang Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan sa Federal Register ng Department of Health and Human Services ng United States sa ilalim ng awtoridad ng subsection (2) ng Seksyon 9902 ng Title 42 ng United States Code. Maaaring isangguni ang mga kasalukuyang alituntunin sa <http://aspe.hhs.gov/POVERTY/>
- G. **Tulong Pampinansyal:** Tulong na ibinibigay sa mga pasyente para sa mga nagigipit sa pagbabayad nang buo sa mga inaasahang gastusin na kukunin sa sariling bulsa para sa mga kinakailangang serbisyong medikal na ibinibigay ng SHC at para sa mga kwalipikado ayon sa pamantayan para sa nasabing tulong. Sa ilalim ng Patakarang ito, ang Tulong Pampinansyal ay Pangangalagang Pangkawanggawa.
- H. **Guarantor:** Isang indibidwal maliban sa pasyente na may responsibilidad sa pagbabayad ng singilin ng mga pasyente.
- I. **Mga Kabuuang Singil:** Ang mga kabuuang singil sa mga kumpletong itinakdang taripa ng organisasyon para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga ng pasyente bago ipataw ang mga pagbawas mula sa kita.
- J. **Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan:** Mga serbisyong kinakailangan sa paggamot sa ospital at ng doktor.
- K. **Tulong Pampinansyal para sa Mga Espesyal na Sitwasyon** Tulong

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakaran: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 4 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

Pampinansyal na nagbibigay ng diskwento sa mga kwalipikadong pasyente na may taunang kita ng pamilya na higit sa 400% ng Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan, at mga pinansyal na obligasyon na nagreresulta sa mga serbisyong medikal na ibinibigay ng anumang sangay o provider ng SHC na humigit sa 10% ng taunang kita ng pamilya.


- L. ***Kinakailangan sa Paggamot:*** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pang-emergency na pangangalaga, na, sa opinyon ng isang nanggagamot na doktor ng SHC, ay isang serbisyo, item, pamamaraan, o antas ng pangangalagang:
1. Kinakailangan para sa wastong paggamot o pangangasiwa ng sakit, pinsala, o kapansanan ng pasyente; o
 2. Makatuwirang inaasahan para maiwasan ang simula ng isang sakit, kundisyon, pinsala, o kapansanan, o isang regular at karaniwang tinatanggap na pang-iwas na pangangalaga; o
 3. Makatuwirang inaasahan para bawasan o maibsan ang epekto ng sakit, kundisyon, pinsala, o kapansanan ng pasyente sa kanyang pangangatawan, kaisipan, o paglaki; o
 4. Tutulungan ang pasyenteng makamit o mapanatili ang maximum na kapasidad ng pagganap sa pagsasagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad, nang isinasaalang-alang ang kapasidad ng pagganap ng pasyente at ang mga kapasidad ng pagganap na naaangkop para sa edad ng pasyente.
- M. ***Ipinagpapalagay na Kawanggawa:*** Pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal batay sa impormasyong sosyo-ekonomiko na partikular sa pasyente na nakuha mula sa mga pinagkuhanan ng datos ng merkado.
- N. ***Patunay ng Kita:*** Upang matukoy ang pagiging kwalipikado sa Tulong Pampinansyal, susuriin ng SHC ang taunang kita ng pamilya mula sa nakaraang dalawang (2) panahon ng pasahod at/o ang buwis sa nagdaang taon gaya ng ipinakita ng mga pinakahuling resibo, o income tax return, at iba pang impormasyon. Maaaring matukoy ang patunay ng mga kita sa pamamagitan ng pagkwenta sa kita ng pamilya sa kasalukuyang taon, habang isinasaalang-alang ang kasalukuyang rate ng mga kita.
- O. ***Makatuwirang Plano sa Pagbabayad:*** Isang plano sa nagbibigay ng palugit sa pagbabayad nang walang interes na pinagkasunduan sa pagitan ng SHC at ng pasyente para sa anumang bayarin na gagastusin ng pasyente. Dapat isaalang-alang ng plano sa pagbabayad ang kita ng pasyente, mahahalagang pang-araw-araw na gastusin, mga ari-arian, halaga na inutang at anumang paunang bayad.

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakarang Pangkawanggawa: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 5 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

- P. ***Pasyenteng Walang Insurance:*** Isang indibidwal na hindi saklaw ng third party sa pamamagitan ng komersyal na third party na insurer, ERISA plan, Programa sa Pampederal na Pangangalagang Pangkalusugan (kabilang nang walang limitasyon ang Medicare, Medicaid, SHIPTriCare/ChampVA), Kabayaran dahil sa Pagkakasakit ng Manggagawa o iba pang tulong mula sa third party upang makatulong sa pagtugon sa kaniyang mga obligasyon sa pagbabayad. Kabilang din dito ang mga pasyente na saklaw ng third party, ngunit nalampasan ang kanilang limitasyon sa benepisyo, tinanggihan ng pagsaklaw o hindi nabigyan ng pagsaklaw para sa partikular na mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na Kinakailangan sa Paggamot kung saan humahanap ng paggamot ang pasyente mula sa SHC.
- Q. ***Pasyenteng Walang Sapat na Insurance:*** Isang indibidwal, na saklaw sa pribado o pampublikong insurance, na nagigipit sa pagbabayad nang buo para sa mga inaasahang gastusin na manggagaling sa sariling balsa para sa mga serbisyong medikal na ibinibigay ng SHC.

IV. **MGA PANGKALAHATANG ALITUNTUNIN:**


- A. Mga Kwalipikadong Serbisyo:
1. Ang Tulong Pampinansyal sa ilalim ng Patakarang ito ay malalapat sa mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot sa lisensyadong pasilidad ng ospital at mga kaugnay na klinika, at sa serbisyo ng propesyonal/doktor na Kinakailangan sa Paggamot, na inihahatid ng mga provider na nagtatrabaho sa Stanford Health Care, Stanford University, at University Medical Partners (“Mga Provider”). Makikita ang listahan ng mga provider sa <https://stanfordhealthcare.org/for-patients-visitors/billing/financial-assistance.html>
 2. Sa pagkakataong may alinlangan kung ang isang partikular na serbisyo ay Kinakailangan sa Paggamot, ang pagpapasya ay dapat gawin ng Chief Medical Officer ng SHC.
- B. Mga Serbisyong HINDI Kwalipikado:
1. Kabilang sa mga serbisyo na pangakalahatang hindi kinikilala bilang Kinakailangan sa Paggamot at sa makatuwid ay hindi kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ang, ngunit hindi limitado sa:
 - a. Mga serbisyo sa Reproductive Endocrinology at Infertility
 - b. Mga serbisyo sa pagpapaganda (cosmetic) o plastic surgery

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakarang Pangkawanggawa: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 6 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

- c. Mga device na tumutulong para magkaroon ng mas malinaw na pandinig at pakikinig
- d. Mga serbisyo sa pagwawasto ng paningin kabilang ang LASEK, PRK, Conductive Keratoplasty, Intac's corneal ring segment, Custom contoured C- CAP, at Intraocular contact lens


Sa ilang sitwasyon kung saan kinikilala ng doktor ang isa sa mga tinukoy na serbisyo na nasa itaas na Kinakailangan sa Paggamot, maaaring maging kwalipikado ang mga nasabing serbisyo para sa Tulong Pampinansyal kapag sinuri at inaprubahan ang mga ito ng Chief Nursing Officer ng SHC.

2. Inihahatid ng provider na hindi nagtatrabaho sa SHC ang mga serbisyo ng propesyonal/doktor. Makikita ang listahan ng mga provider sa komunidad na hindi saklaw ng patakarang ito sa <https://stanfordhealthcare.org/for-patients-visitors/billing/financial-assistance.html>
 3. May karapatan ang SHC na baguhin ang listahan ng mga serbisyo na hindi kwalipikado batay sa pasya nito.
- C. Pagiging Kwalipikado ng Pasyente para sa Tulong Pampinansyal – Mga Pangkalahatang Probisyon:
1. Maaaring mag-apply ang lahat ng pasyente na nakatanggap ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Tulong Pampinansyal.
 2. Ang lahat ng indibidwal na nag-a-apply para sa Tulong Pampinansyal ay kinakailangang sumunod sa mga hakbang sa Seksyon V sa ibaba.
 3. Ang SHC ang dapat magpasya sa pagiging kwalipikado para sa Pangangalagang Pangkawanggawa batay sa indibidwal na pagtukoy ng pinansyal na pangangailangan alinsunod sa Patakarang ito, at hindi dapat isaalang-alang ang edad, kasarian, lahi, katayuan bilang imigrante, sekswal na oryentasyon, o kinasasapiang relihiyon ng isang indibidwal.
 4. Responsibilidad ng mga aplikante para sa Tulong Pampinansyal ang paghahain ng kahilingang mapasama sa mga pampublikong programa para sa makukuhang saklaw. Inaasahan din silang gumamit ng mga opsyon sa pagbabayad sa pampubliko o pribadong insurance na pangkalusugan para sa Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan na ibinibigay ng SHC. Ang pakikibahagi ng pasyente, o Guarantor ng pasyente, sa pag-a-apply para sa mga angkop na programa at kinikilalang

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakaran: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 7 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

pinagkukunan ng pondo, kabilang ang pagsaklaw ng COBRA (isang pampederal na batas na nagbibigay-daan para sa limitadong extension ng mga benepisyong pangangalagang pangkalusugan), ay kinakailangan.

5. Ang mga pasyente, o mga Guarantor ng mga pasyente, na hindi nakikibahagi sa pag-a-apply para sa mga programa na maaaring magbayad para sa kanilang Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan, ay tatanggihan sa Tulong Pampinansyal. Dapat gumawa ang SHC ng mga tiyak na hakbang upang tulungan ang isang pasyente o Guarantor ng pasyente, na nalalapat para sa mga pampubliko o pribadong programa.
6. Alinsunod sa mga regulasyon ng Federal Emergency Medical Treatment and Labor Act (EMTALA), hindi dapat suriin ang pasyente para sa Tulong Pampinansyal o impormasyon ng pagbabayad bago ang pagbibigay ng mga serbisyo sa mga pang-emergency na sitwasyon.
7. Inaatasan ng Internal Revenue Service ang SHC na magtatag ng pamamaraan kung saan hindi sisingilin ang mga pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ng higit sa Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB) para sa Pang-emergency at iba pang Kinakailangang Serbisyon Medikal sa mga indibidwal na may insurance sa sumasaklaw sa naturang pangangalaga. Para sa mga layunin ng kinakailangang ito, gagamit ang SHC ng inaasahang pamamaraan batay sa mga taripa ng Medicare. Gayunpaman, ayon sa mga tuntunin ng Patakarang ito, walang pasyenteng natukoy bilang kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ang sisingilin ng anumang singilin para sa Mga Kwalipikadong Serbisyo habang saklaw sa ilalim ng Patakarang ito.
8. Dapat gamitin ang Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan para sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado ng pasyente para sa Tulong Pampinansyal. Ibatatay ang Pagiging Kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal sa Kita ng Pamilya.
9. Maaaring gumamit ng makatwirang pagsusumikap sa paniningil ang SHC para makakolekta ng pagbabayad sa mga pasyente. Kabilang sa mga karaniwang aktibidad sa paniningil ang paglalabas ng mga pahayag ng pag-ako ng pasyente, tawag sa telepono, at referral ng mga pahayag na ipinadala sa pasyente o guarantor. Hindi magsasagawa ang SHC o mga ahensyang naniningil ng anumang gawain ng pambihirang paniningil (gaya


 Stanford HEALTH CARE	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakaran: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 8 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

ng inilalarawan sa Patakaran sa Paniningil sa Utang ng SHC). Makukuha ang mga kopya ng Patakaran sa Paniningil sa Utang ng SHC nang libre sa website sa pagsingil ng Stanford Health Care sa <https://stanfordhealthcare.org/for-patients-visitors/billing/financial-assistance.html>, o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 549-3720, o sa Pagpaparehistro ng Pasyente ng Ospital, mga tanggapan ng Pinansyal na Pagpapayo, at sa departamento ng emergency.

D. Pangangalagang Pangkawanggawa (Tingnan ang Pagpapakahulugan sa Itaas):

Dapat ibigay ng SHC ang *Pangangalagang Pangkawanggawa* sa mga pasyenteng nag-a-apply para sa Tulong Pampinansyal at sa mga tinukoy ng SHC bilang kwalipikado. Dapat isailaim ng SHC ang pagtukoy na iyon sa mga sumusunod na priyoridad:

1. *Unang Priyoridad:* Ang mga pasyenteng tumatanggap ng mga pang-emergency na serbisyong unang priyoridad ng SHC para sa Pangangalagang Pangkawanggawa. (Katulad ng nakasaad sa EMTALA, ang pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ng SHC ay hindi maisasagawa hangga't hindi natatanggap ng pasyente ang legal na kinakailangang screening at anumang kinakailangang stabilizing treatment.)
2. *Pangalawang Priyoridad:* Ang mga pasyenteng nagkaroon at magkakaroon ng mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot at para sa mga pasyente na ang pinakamalapit na ospital sa bahay o pinagtatrabahuan ng indibidwal ay ang SHC. (Sa pangkalahatan, kung may ospital ng county sa county kung saan nakatira o nagtatrabaho ang pasyente, at nakapagbibigay ang ospital ng county ng serbisyong hindi pang-emergency na kailangan ng pasyente, ididirekta ang pasyente sa ospital na iyon.)
3. *Pangatlong Priyoridad:* Ang pangatlong priyoridad ng SHC para sa Pangangalagang Pangkawanggawa ay para sa mga pasyente na nagkaroon o magkakaroon ng mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot at para sa mga pasyente na hindi SHC ang pinakamalapit na ospital sa bahay o pinagtatrabahuan ng pasyente, o para sa pasyente na nalalapat ang isa o higit pa sa mga sumusunod na salik:
 - a. May kakaiba o hindi pangkaraniwang kundisyon ang pasyente na nangangailangan ng paggamot sa SHC gaya ng tinukoy ng Chief Nursing Officer; o


	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakaran: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 9 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

- b. Nagpapakita ang pasyente ng pagkakataon sa pagtuturo o pananaliksik na makakadagdag sa mga misyon sa pagtuturo ng SHC, gaya ng tinukoy ng Chief Nursing Officer,
4. Sa ilang sitwasyon kung saan kinikilala ng doktor ang isa sa mga tinukoy na serbisyo na nasa itaas na Kinakailangan sa Paggamot, maaaring maging kwalipikado ang mga nasabing serbisyo para sa Tulong Pampinansyal kapag sinuri at inaprubahan ang mga ito ng Chief Nursing Officer ng SHC.
5. May karapatan ang SHC na baguhin ang listahan ng mga serbisyo na hindi kwalipikado batay sa pasya nito.


V. **PROSESO:**

A. **Proseso para sa Pag-a-apply para sa Tulong Pampinansyal**

1. Dapat suriin ang sinumang pasyente na nagsasaad ng walang kakayahang magbayad ng singil ng SHC para sa Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Pangangalagang Pangkawanggawa, iba pang pinagkukunan ng pondo, ng Pinansyal na Pagpapayo ng SHC at Mga Pampinansyal na Tagapagtaguyod ng Pasyente.
2. Ang sinumang empleyado ng SHC na nakakakila ng pasyente na pinaniniwalaan niyang walang kakayahang magbayad para sa Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ang dapat magsabi sa pasyente na maaari siyang humingi ng Tulong Pampinansyal at ang mga aplikasyon ay makukuha sa Mga Serbisyong Pampinansyal para sa Pasyente, Pinansyal na Pagpapayo, Mga Serbisyo sa Pagpapaospital ng Pasyente, Emergency Department, lahat ng klinika, Serbisyo sa Customer, Tagapagtaguyod ng Pasyente, Patient Relations and Social Services sa pangunahing wika ng limang (5) porsyento o higit pa ng pangunahing komunidad na pinaglilingkuran ng ospital.
3. Maaaring paunang masuri ang isang pasyente ng Tagapayong Pampinansyal ng SHC bago ang pagtanggap ng mga serbisyong hindi pang-emergency upang malaman kung maaaring matulungan ang pasyente o pamilya ng anumang pampubliko o pribadong pinagkukunan ng pambayad. Kung ang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi pa naibibigay at hindi rin pang-emergency, tutulungan din ng Tagapayong Pampinansyal ang pasyente na malaman kung may ospital ng county sa county kung saan nagtatrabaho o nakatira ang pasyente na maaaring magbigay ng mga serbisyo.

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakarang Pangkawanggawa: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 10 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	


4. Inaasahan ng SHC ang mga pasyente na buogn pusong makipagtulungan sa pagbibigay ng kinakailangang impormasyon upang mag-apply para sa mga pampamahalaang programa gaya ng Medicare o Medi-Cal, o sa pamamagitan ng California Health Benefit Exchange kung saan maaaring maging kwalipikado ang pasyente. Dagdag pa rito, hihilingin sa pasyenteng sagutan ang isang Aplikasyon para sa Tulong Pampinansyal.
5. Ang sinumang pasyenteng nag-a-apply para sa Pangangalagang Pangkawanggawa ay dapat gawin ang bawat makatuwirang hakbang upang makapagbigay ng Patunay ng Kita ng SHC at pagsaklaw sa mga benepisyong pangkalusugan. Kung naghahain ang isang pasyente ng aplikasyon at hindi siya nakapagbigay ng makatuwiran at kinakailangang impormasyon para sa SHC upang makapagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa Pangangalagang Pangkawanggawa, maaaring isaalang-alang ng SHC ang kabiguang iyon sa pagsasagawa ng pagpapasya nito. Ipapaalam ng Patient Advocacy Unit ng SHC sa mga pasyente ang mga kalalabasan ng hindi pagbibigay ng napapanahon at kumpletong impormasyon.
6. Sa pagkakataong tatanggihan ng SHC ang Pangangalagang Pangkawanggawa sa isang pasyenteng nakatugon sa mga kinakailangan sa aplikasyon na naksaad sa Patakarang ito, maaaring humiling ng pagsusuri ang pasyente sa pagtutukoy na iyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa departamento ng Mga Serbisyong Pampinansyal ng Pasyente.
7. Maliban kung nakatanggap ng ibang impormasyon ang pasyente, magiging angkop ang Tulong Pampinansyal na ibinibigay sa ilalim ng Patakarang ito para sa Panahon ng Pagtukoy sa Pagiging Kwalipikado gaya ng inilarawan sa itaas. Gayunpaman, may karapatan ang SHC na muling suriin ang pagiging kwalipikado ng pasyente para sa Tulong Pampinansyal sa loob ng isang taon kung may anumang pagbabago sa katayuang pampinansyal ng pasyente.
8. Maaaring kumuha ang isang pasyente ng karagdagang impormasyon tungkol sa Pinansyal na Pagpapayo o humiling ng tulong sa pagproseso ng aplikasyon sa 2465 Faber Place, Palo Alto, CA, sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa (800) 549-3720, o saanmang lokasyon ng Stanford Health Care.

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakarán: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 11 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	


B. Ipinagpapalagay na Kwalipikasyon para sa Pangangalagang Pangkawanggawa:

Batid ng SHC na hindi lahat ng pasyente, o mga Guarantor ng mga pasyente, ay makukumpleto ang aplikasyon para sa Tulong Pampinansyal o makakapagbigay ng kinakailangang dokumentasyon.

1. Para sa mga pasyente, o mga Guarantor ng mga pasyente, na hindi nakakapagbigay ng kinakailangang dokumentasyon ngunit nakakatugon sa mga partikular na pamantayan sa pinansyal na pangangailangan, maaaring magbigay ang SHC ng Tulong Pampinansyal. Sa partikular, maaaring kabilang ang mga sumusunod sa ipinagpapalagay na kwalipikasyon na maaaring matukoy batay sa mga pangyayari sa buhay ng indibidwal:
 - a. Mga programa para sa inireresetang gamot na pinopondohan ng estado;
 - b. Walang tiyak na tirahan o nakakatanggap ng pangangalaga mula sa isang klinika para sa mga walang tahanan;
 - c. Pakikibahagi sa mga programang Women, Infants and Children (WIC);
 - d. Kwalipikasyon sa food stamp;
 - e. Kwalipikasyon sa pinopondohang programa sa pagpapakain sa paaralan;
 - f. Mga kwalipikasyon para sa iba pang pang-estado o lokal na programa ng tulong na hindi pinopondohan (hal., spend-down ng Medicaid);
 - g. Nagbigay ng wastong tirahan na kabilang sa programang pabahay para sa mahihirap; at/o
 - h. Namatay ang pasyente nang walang naiwang ari-arian.
2. Para sa mga pasyente, o kanilang mga Guarantor, na hindi tumutugon sa proseso ng aplikasyon ng SHC, maaaring gamitin ang iba pang pinagkukunan ng impormasyon, gaya ng inilarawan sa ibaba, upang gumawa ng indibidwal na pagtatasa sa pinansyal na pangangailangan. Magbibigay-daan ang impormasyong ito sa SHC na makagawa ng may-kabatirang pagpapasya sa pinansyal na pangangailangan ng mga hindi tumutugon na pasyente.
3. Para sa layunin ng pagtulong sa isang pasyente na nagpapahiwatig ng kagipitan, maaaring gumamit ang SHC ng third-party upang magsuri ng impormasyon ng pasyente, o Guarantor ng pasyente, upang tantyahin ang pinansyal na pangangailangan.


	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakarán: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 12 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

4. Nagbibigay ang pagsusuring ito ng panghulang modelo na kinikilala sa industriya ng pangangalagang pangkalusugan na nakabatay sa mga pampublikong database ng talaan. Gumagamit ang modelo ng pampublikong talaan ng data upang kalkulihin ang marka sa kakayahang pangsosyo-ekonomiko at kakayahang pampinansyal. Idinisenyo ang mga itinakdang panuntunan ng modelo upang masuri ang bawat pasyente sa mga parehong pamantayan at naka-calibrate nang salungat sa mga nasa history ng pag-aapruba ng Tulong Pampinansyal para sa SHC. Nagbibigay-daan ang panghulang modelo na masuri kung ang isang pasyente ay katangian ng iba pang mga pasyente na nakaraan nang kwalipikado para sa tulong pampinansyal sa ilalim ng tradisyonal na proseso ng aplikasyon.
5. Maaaring gamitin ng SHC ang impormasyon mula sa inaasahang modelo upang magbigay ng ipinagpapalagay na kwalipikasyon, o upang matugunan ang mga kinakailangan sa dokumentasyon para sa mga pasyente o kanilang mga Guarantor. Sa mga sitwasyon kung saan walang impormasyong direktang ibinigay ang pasyente, at pagkatapos kumpirmahin ang pagkakaroon ng saklaw, nagbibigay ang panghulang modelo ng sistematikong paraan upang magbigay ng ipinagpapalagay na kwalipikasyon sa mga pasyenteng may pinansyal na pangangailangan.
6. Sa pagkakataon kung saan hindi kwalipikado ang isang pasyente sa ilalim ng ipinagpapalagay na itinakdang panuntunan, maaari pa ring magbigay ang pasyente ng kinakailangang impormasyon at maisaalang-alang sa tradisyonal na proseso ng aplikasyon para sa Tulong Pampinansyal na nakasaad sa Seksyon V sa itaas.
7. Isasaayos ang mga account ng pasyente na binigyan ng katayuan sa ipinagpapalagay na kwalipikasyon. Muling pagbukud-bukurin ang mga account na ito sa ilalim ng Patakarán sa Tulong Pampinansyal. Hindi ipapadala ang ibinigay na diskwento sa paniningil at hindi ito isasama sa mga hindi nabayaranang utang sa SHC.
8. Nagbibigay ng benepisyo sa komunidad ang paunang pagsusuri sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa SHC na sistematikong tumukoy ng mga pasyenteng may pinansyal na pangangailangan, bawasan ang mga administratibong pasanin, at magbigay ng tulong pampinansyal sa mga pasyente at Guarantor, kung saan ang ilan ay hindi tumutugon sa proseso ng aplikasyon para sa tulong pampinansyal.

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakaran: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 13 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

VI. PAUNAWA TUNGKOL SA TULONG PAMPINANSYAL:

- A. Upang gawing available na ang impormasyon tungkol sa Patakaran at programa ng Tulong Pampinansyal nito, gagawin ng SHC ang mga sumusunod:
1. Ilalagay ang patakarang ito, isang buod, at ang Aplikasyon ng Tulong Pampinansyal ng SHC sa website ng SHC.
 2. Maglalagay ng kapansin-pansing mga abiso sa pagkakaroon ng Tulong Pampinansyal sa emergency department, urgent care center, admitting and registration department, Mga Pinansyal na Serbisyo ng Pasyente, at sa iba pang lokasyon na naaangkop sa tingin ng SHC.
 3. Gagawa ng mga papel na kopya ng patakaran, application form ng patakaran, at ang buod ng patakaran gamit ang simpleng wika na libreng ibibigay kapag hiniling, sa pamamagitan ng mail at sa mga pampublikong lokasyon.
 4. Mag-aabiso sa mga pasyente sa pamamagitan ng pag-aalok ng papel na kopya ng buod bilang bahagi ng proseso ng pagpapaospital at paglabas sa ospital.
 5. Magsasama ng kapansin-pansing nakasulat na abiso sa mga pahayag sa pagsingil tungkol sa pagkakaroon ng programa para sa tulong pampinansyal kabilang ang numero ng telepono ng opisina ng ospital na makakapagbigay ng impormasyon tungkol sa patakaran at proseso ng aplikasyon, at ang website kung saan makikita ang patakaran.
 6. Magbibigay ng mga abiso at iba pang impormasyon sa Tulong Pampinansyal sa lahat ng pasyente sa pangunahing wika ng 5 porsyento o higit pa ng pangunahing komunidad na pinaglilingkuran ng ospital.
 7. Magbibigay ng kopya ng Patakaran nito sa Tulong Pampinansyal o buod ng programa sa naaangkop na mga ahensya ng serbisyo sa kalusugan at serbisyong pantao para sa komunidad, at iba pang organisasyon na tumutulong sa mga taong may pinansyal na pangangailangan.
 8. Magsasama ng impormasyon tungkol sa Tulong Pampinansyal, kabilang ang numero ng pakikipag-ugnayan, sa mga pahayag ng pagsingil sa pasyente at sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga pasyenteng walang insurance o maaaring walang sapat na insurance
 9. Magbibigay ng pinansyal na payo sa mga pasyente tungkol sa kanilang mga singilin sa SHC at ipinapaalam ang pagkakaroon

 Stanford HEALTH CARE	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakaran: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 14 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

ng nasabing pagpapayo. (Tandaan: responsibilidad ng pasyente o ng Guarantor ng pasyente na magpaiskedyul ng tulong sa tagapayong pampinansyal.)


10. Magbibigay ng impormasyon at kaalaman sa Tulong Pampinansyal nito at sa mga patakaran at gawain ng paniningil mga tauhan sa pangangasiwa at sa klinika.
11. Maghihimok sa mga kumakatawan sa o medikal na tauhan ng SHC, kabilang ang mga doktor, nurse, tagapayong pampinansyal, social worker, case manager, chaplain at religious sponsor na mag-refer ng mga pasyente para sa Tulong Pampinansyal.
12. Naghihimok at sumusuporta sa mga kahilingan para sa Tulong Pampinansyal ng pasyente, Guarantor ng pasyente, miyembro ng pamilya, malapit na kaibigan o may kaugnayan sa pasyente, na sumasailalim sa naaangkop na mga batas sa pagkapribado.
13. Tutugon sa anumang pasalita o pasulat na kahilingan para sa higit pang impormasyon tungkol sa Patakaran sa Tulong Pampinansyal na ginawa ng pasyente o sinumang interesadong partido.

VII. PAGESUNOD:

- A. Responsibilidad ng lahat ng miyembro ng lakas-paggawa kabilang ang mga empleyado, nakakontatang tauhan, mag-aaral, volunteer, kinikilalang medikal na tauhan at mga indibidwal na kumakatawan o nakikilahok sa gawain sa SHC na tiyakin na ang bawat isa ay sumusunod sa patakarang ito.
- B. Ang mga paglabag sa patakarang ito ay iuulat sa Tagapamahala ng Departamento at iba pang naaangkop na Departamento gaya ng tinukoy ng Tagapamahala ng Departamento o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang mapagpasyahan ang uri, kalalaan, at potensyal na panganib sa ospital. Ang mga miyembro ng lakas-paggawang lalabag sa patakarang ito ay isasailalim sa naaangkop na pandisiplinang pagkilos na hanggang sa, at kabilang ang pagkatanggal sa trabaho.


VIII. MGA KAUGNAY NA DOKUMENTO / HAKBANG:

- A. Aplikasyon para sa Tulong Pampinansyal ng SHC
- B. Mga Pampederal na Alituntunin sa Kahirapan ng SHC
- C. Patakaran ng SHC sa Diskwento ng Pasyenteng Walang Insurance
- D. Patakaran ng SHC sa Paniningil ng Utang
- E. Mga Patakaran ng SHC sa EMTALA

 Stanford HEALTH CARE	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakaran: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 15 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

IX. IMPORMASYON NG DOKUMENTO:

- A. Mga Legal na Sanggunian / Kinakailangan sa Pangangasiwa:
 1. California Health and Safety Code Seksyon 127400 hanggang 127446, ayon sa sinusog.
 2. California Code of Regulations, Pamagat 22
 3. Federal Patient Protection and Affordable Care Act, Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at mga iminungkahing regulasyon (sa petsa ng pag-apruba ng Patakarang ito, hindi pa pinal ang mga regulasyong iyon).
- B. Orihinal na Dokumento:
 1. May-ari: Michael Honeyman
 2. May-akda at Petsa: Oktubre 2004, David Haray, Vice President, Patient Financial Services
 3. Nakalagay sa: Administratibo – Manual ng Departamento
- C. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pag-renew:
 1. Susuriin at/o babaguhin ang patakarang ito bawat tatlong taon o gaya ng kinakailangan ng pagbabago ng batas o kagawian.
- D. Kasaysayan ng Pagsusuri at Pagbabago:
 1. Enero 2010, David Haray, Vice President, Patient Financial Services
 2. Marso 2011, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel
 3. Nobyembre 2014, Andrea Fish, Office of General Counsel, Terri Meier, Director Patient Financial Services, Michael Honeyman, Assistant Director Patient Financial Services
 4. Marso 2015, Andrea Fish, Office of General Counsel, Terri Meier, Director Patient Financial Services, Michael Honeyman, Assistant Director Patient Financial Services
 5. Disyembre 2016, Andrea Fish, Office of General Counsel, Michael Honeyman, Director Self Pay Management Office
 6. Pebrero 2020, Andrea Fish, Office of General Counsel, Kristine Grajo, Director Self Pay Management Office
- E. Mga Pag-apruba:
 1. Setyembre 2007, Sinuri ng SHC Board of Directors
 2. Agosto 2010, SHC Operations Group
 3. Mayo 2011, SHC Operations Group
 4. Hulyo 2015, James Hereford, Chief Operating Officer
 5. Agosto 2015, SHC Board Credentials, Policies & Procedures Committee
 6. Marso 2020, Policy & Procedure Steering Committee

	Petsa ng Huling Pag-apruba: Abril 2020
Pamagat ng Patakaran: Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa	Pahina 16 sa 16
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	

7. Abril 2020, Operational Leadership Team Committee; SHC Board of Credentials at P&P Committee

“Nilalayong gamitin ng mga tauhan ng Stanford Health Care ang dokumentong ito. Walang pagsasaad o pagpapatunay ang isinasagawa para sa paggamit sa labas. Hindi maaaring gawan ng kopya o ilathala sa labas ng kumpanya nang walang pahintulot.” V05.17.